

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 17 OKTUBRE 1994, 9:18 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Crisencio S. Calma
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Bernabe S. Mortel
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.
Kagawad Ramulfo C. Bernal
Kagawad Lorna F. Dimapilis - SK Chairman
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President

Hindi Dumalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 112
Taong 1994

KAPASYAHANG IPINAAABOT SA KGG. SENADOR ARTURO M. TOLENTINO ANG KAPABAYAAN SA IMPLEMENTASYON NG DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS, CALAPAN, SILANGANG MINDORO HINGGIL SA PROYEKTONG ROXAS DRAINAGE NA PINUNDUAN NG TANGGAPAN NG NASABING SENADOR.

SAPAGKA'T, ang tanggapan ni Senador Arturo M. Tolentino ay nagkalobb ng pondong Isang Milyong Piso (P1 M) para sa proyektong drainage ng Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKA'T, ang proyektong ito ay nasimulan na subali't hanggang sa ngayon ay hindi pa natatapos dahil sa kapabayaang ahensyang nagpapatupad at nagsasagawa nito;

SAPAGKA'T, ang proyektong nabanggit ay kailangang matapos sa loob ng pitumpu't limang (75) araw lamang ngunit ito'y umaabot na sa humigit-kumulang na dalawandaang (200) araw at hanggang sa ngayo'y hindi pa natatapos;

SAPAGKA'T, ang kapabayaang ahensya ay maaaring maging sanhi na ang mga darating pang proyekto sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay hindi magkaroon ng katuparan o hindi maisaayos ang pagpapatupad.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Cesar T. Baticos na pinangalawahan ni Kagawad Cosme T. Mores, Jr. -

Senador

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Kgg. Senador Arturo M. Tolentino ang kapabayaang sa implementasyon ng Department of Public Works and Highways, Calapan, Silangang Mindoro hinggil sa proyektong Roxas Drainage mula sa pagpopondo ng tanggapan ng nasabing senador.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Senador Arturo M. Tolentino, Tanggapan ng Senado, Maynila, para sa kanyang kaalaman at kinakailangang aksyon.

IPINASIYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Kgg. Alberto C. Castaneda, Regional Director, Department of Public Works and Highways, Region IV, Quezon City, Engr. Vicente A. Abutan, Jr. DPWH, Calapan, Silangang Mindoro, ang Kgg. Rodolfo G. Valencia, Punong Panlalawigan, Silangang Mindoro at Kgg. Jesus M. Punzalan, House of Representatives, Quezon City para sa kanilang kaalaman at karampatang aksyon.

Pinagtibay ng lahat.

Oktubre 17, 1994

Inihanda ng Sponsor: Kagawad Cesar T. Baticos


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Punong Bayan

merz/
111694